# 1

*Perfect!* naisip ni Henry Orlina habang nakadapa sa isang orange na surfboard. Nagsimula siyang isagwan ang kanyang mga paa't kamay, handang sagupain ang mga nagbabantang dambuhalang alon. *Any minute now*, tatayo siya mula sa kanyang surfboard para sagupain ang mga ito.

Walang bakas ng anumang takot sa kanyang mukha o pangamba sa kanyang dibdib. *The only thing he felt was a different kind of exhilaration. An exciting rush!* Ito naman talaga ang ipinunta niya sa Siargao, ang malalaking alon para sa kanyang pinakabagong kinahihiligang *sport*, ang *surfing*.

Dumating na ang puntong pinakaasam ni Henry. Itinuwid niya ang kanyang mga maskuladong binti at iniunat ang mga malapad na bisig para timbangin ang sarili laban sa mababagsik na alon. Sa pagkilos na ito, ang kanyang tiyan ay *nag-contract* kaya lumitaw ang *six-pack abs* niya.

Nadarama niya ang tilamsik ng maalat na tubig-dagat sa kanyang balat. Patuloy rin ang hampas ng malakas na hangin sa buo niyang katawan. Mabuti na lamang at matibay ang kanyang bagong *goggles* kaya

*protektado ang kanyang mga mata. Pati ang kanyang shoulder-length hair na karaniwang nakalugay ay nakagapos sa isang ponytail ngayon para hindi ito maging sagabal sa kanyang paningin.*

*Lulan ng kanyang surfboard, nadama ni Henry ang kakaibang bilis ng pintig ng kanyang pulso. Pakiramdam niya, para siyang nakasakay sa hangin. Siya ang bagong hari ng karagatan.*

*Ni wala pang dalawang minuto ang pagsakay niya sa mataas na alon nang maramdaman niyang may marahas na kung anong tumabig sa kanyang balikat. Napapitlag siya, nawala ang konsentrasyon at tumimbuwang ang kanyang surfboard.*

*"Aah!" hiyaw niya habang nahuhulog, una ang mukha, pabagsak sa maalat na tubig dagat.*

"Henry! Hoy, Henry!" patuloy na tapik ni Jean sa balikat ng lalaking nakahilata sa picnic table.

Biglang napatayo si Henry sa kanyang pagkakahiga. Sa bilis ng kanyang kilos, ang buhok niya ay tumabing sa kanyang nakasimangot na mukha. Kaagad niya itong hinawi patungo sa likod ng kanyang tainga at tuliro niyang sinabi, "Ha? Ano ba'ng problema? Ano?"

Napatawa si Jean. "Nananaginip ka na naman.

Ikaw kasi, kung saan-saan ka natutulog. Wala ka nang pinatawad pagdating sa tulugan."

Kinamot ni Henry ang kanyang ulo at ikinuskos ang kaliwang palad sa kanyang baba. Nadama niya ang gaspang nito dahil ilang araw na rin siyang hindi nag-aahit.

"Ikaw talaga, palagi kang kontrabida. Pinutol mo ang panaginip ko. Maganda pa naman. Nasa Siargao daw ako."

"Ay sus!" pang-aasar nito. "Kagagaling mo lang mula sa bakasyon doon, ah. Ikaw talaga. Puro good time na lang iniisip mo. Para ka pa ring bata. Hoy, Henry Miguel Orlina, treinta y tres años ka na."

Kung hindi kilalang-kilala ni Henry si Jean, mapipikon siya sa mga hirit nito. Pero parang ate na niya ang social worker na kasama niya palagi sa mga volunteer programs. "Bakit mo ba ako biglang kinulit?"

Biglang naging seryoso si Jean. "Madali ka't tawag ka ni Mother Superior."

"Hay naku!" ani Henry sabay sapok sa noo. "Sigurado ako na tungkol ito sa nangyari sa lecture ko kanina."

Tumango lang si Jean at sinabing, “Malamang.”

---

Nagpupunta si Henry sa *Good Shepherd Orphanage* tuwing pangatlong Sabado ng buwan. Sumasama siya sa mga kaibigang social workers na nakilala niya noong siya ay nasa kolehiyo pa sa *Unibersidad ng Pilipinas*.

Ang kanyang college, ang Civil Engineering Department, ay malapit lang sa College of Social Work kaya roon siya kumakain ng tanghalian. Dito niya nakilala sina Jean, Fely at Agnes, o ang tatlong itlog kung tawagin niya dahil riot sila kapag magkakasama. Nakakabilib ang kanilang dedikasyon sa napiling propesyon. At simula pa noon, nabola na siya ng mga ito na maglaan ng kaunting oras para sa mga batang naulila.

Pumayag naman siyang magpauto sa kanila dahil pakiramdam niya ay napakasuwerte niya kasi buo pa ang kanyang pamilya na lubos ang suporta sa kanya. Sanay na rin naman siya sa ingay ng mga bata dahil sa kakulitan ng anim niyang mga nakababatang kapatid.

---

“Nabalitaan ko sa mga bata ang nangyari

kanina," kunot-noo na sabi ni Mother Superior. Mas lalong lumabas ang kulubot sa mukha ng may-edad na alagad ng Diyos.

Sabi na nga ba niya, iyon ang pag-uusapan nila. Naatasan kasi siya ng madre na mag-discuss ng masasamang dulot ng alak at sigarilyo sa tao. Alam niyang tatamarin lang ang mga bata sa pakikinig kung gagamitin niya ang mga transparencies na ibinigay nito, kung kaya gumamit siya ng ibang paraphernalia. Nagdala siya ng totoong alak at sigarilyo. Pinaamoy at pinatikim niya ang mga iyon sa mga bata upang makita ng mga ito kung gaano kasama ang amoy at lasa ng mga iyon, habang pinapaliwanag niya ang masasamang epekto niyon sa katawan ng tao. At sa tingin niya, mas naintindihan ng mga bata ang sinasabi niya.

"Alam kong matagumpay mong naihatid ang mensahe pero, Henry, mayroon tayong mga patakarang sinusunod. Paano kung hindi naging epektibo ang ginamit mong paraan?" untag ng babae.

"Pero epektibo nga, di ba, Mother?" depensa ni Henry habang nakaupo sa silya sa unahan ng mesa ng madre. Pakiramdam niya, nabalik siya sa loob ng Principal's office. "Don't you think rules are

meant to be broken every now and then? Lalo na ho kung maganda ang resulta. Tingnan n'yo naman, mas naintindihan ng mga bata ang nais nating ipahiwatig kaysa doon sa nakakaantok na lecture ng transparencies."

Hindi makatanggi ang madre superyora. Napangiti na lamang ito sa kabila ng pagkayamot nito. "Pero hindi kita makukunsinti sa bagay na iyan, hijo. Kaya tayo may mga patakaran ay dahil gusto nating maging disiplinado ang mga bata. Kung ikaw mismo ay hindi susunod, paano ka magiging good example sa kanila?"

Nang hindi makasagot si Henry, ipinagpatuloy ng madre ang sermon. "Henry, kung mauulit ang ganito, mas mabuti pa sigurong tumigil ka muna sa pagdalaw dito."

May apat na batang biglang pumasok sa loob ng divider. Naghihintay sila sa kabilang parte ng divider sa loob ng silid ng madre nang marinig ang sabi nito.

"Mother, huwag po. Huwag po," nag-iiyakang pahayag ng mga ito.

"Mother," ani Sally habang marahang tumutulo ang mga luha. "Huwag n'yo pong paalisin si Kuya

Henry. Wala na ngang dumadalaw sa amin."

Niyakap ni Henry ang mga bata. "Huwag kayong mag-alala," aniya habang pinapakalma ang mga ito.

"Sige na mga bata, tahan na," sabi ng madre.

"Wala naman akong ibang pupuntahan," sabi niya saka makahulugang tinitigan ang mga mata ng Mother Superior. "From now on, makikinig na tayo sa rules, para hindi tayo ma-kickout." Sinabi na rin niya ang gustong marinig ng matanda, pero sa likuran niya, ipinagkrus niya ang kanyang daliri. Gagawin lang ni Henry kung ano ang makakabuti para sa mga batang napamahal na sa kanya.

---

Alas cinco y media na nang magpunta si Henry sa parking lot. Hinihintay siya ni Jean sa tabi ng kanyang asul na *Toyota Altis*. "Hitch ako sa 'yo ngayon, ha," hiling nito. "Ibaba mo naman ako sa may *Star Mall* sa Mandaluyong, doon ko imi-meet ang mag-ama ko."

"Sure, walang problema. May kailangan rin akong bilhing ilang mga bagay."

Marahang iniatras ni Henry ang sasakyan mula sa puwesto. Laking gulat niya nang biglang kinatok

ni Agnes ang bintana.

Tinapakan niya ang brake at ibinaba ang salamin. “Nakakagulat ka naman, buti hindi kita naatrasan. O, ano’ng problema?”

“Sorry, ha. Tinatawag ko kayo kanina pero hindi n’yo ako marinig. Wala namang problema. Gusto ko lang ipaalala sa iyo na may fundraiser mamaya sa *Embassy*. ’Yung bar sa *Fort Bonifacio Global City*,” sabi nito.

“Saan kamo?” alanganin niyang sagot. Alam niya kung nasaan ang *Embassy* pero hindi niya trip ang party place na tulad niyon. Nakakasiguro siyang puno iyon ng mga yuppies o young urban professionals. Hangout daw ito ng ‘elite fashionable Manila’ ayon sa kahuli-hulihang bimbo na ipina-blind date sa kanya ng iba niyang barkada. Kinilabutan siyang bigla nang maalala ang matinis nitong boses. Dalang-dala na siya sa mga babaeng walang laman ang utak.

Mukhang nabasa ni Agnes ang kanyang pag-aatubili. “Sige na,” susog nito. “It’s for a good cause naman. Bili ka lang ng entrance ticket, yumugyog nang kaunti, tapos puwede ka nang umuwi. Sayang naman ang kontribusyon mo. ’Yang si Jean hindi na natin mapipilit dahil may date pa siya sa pamilya

niya."

Humirit si Jean mula sa kanyang tabi. "Siya nga naman. Kung wala lang akong promise sa anak ko, join ako sa inyo. Go ka na, Henry, at baka doon mo mahanap ang future girlfriend mo."

Matagal na siyang pinapares ng mga ito sa kung sinu-sinong babae, pero wala siyang matipuhan. Hindi pa siya ready mag-settle down dahil hindi pa niya nahahanap ang babaeng makakatuwang niya sa buhay. There was really no reason to hurry, dahil sa isip niya, ang mga lalaki ay parang vino, they age well as time goes by.

"O ano, punta ka, ha?" tanong muli ni Agnes.

"Bakit di pa tayo magsabay?"

"Kasi may idadaan pa kami ni Fely sa *Department of Health*. Might as well do it now dahil pag Lunes, pihadong traffic. Dadaanan kami ng husband ni Fely at ng boyfriend ko. Di gaya mo, loveless," pang-aasar nito.

"O siya, siya. Kita tayo mamaya." Matapos, kumaway siya kay Agnes, isinara ang kanyang bintana at minaniobra ang kotse palabas ng gate.

# 2

"Salamat ho talaga for accommodating me, considering it's a Saturday," ani Therese Villegas habang sinusundan papasok ng silid ang isang matandang babae.

"Sabi ko naman sa iyo, di ba?" ani Dolores Rapanay, ang Assistant Vice-President ng External Affairs ng *Department of Health*, "Okay lang talaga. Marami ka na rin namang naitulong dito sa opisina bago ka nagpuntang Amerika kaya naman I really don't mind doing this for you."

"I really can't thank you enough," aniya sabay hawi sa isang hibla ng buhok na nakawala mula sa naka-pony tail niyang buhok.

"Sige, umupo ka muna diyan habang hinahanap ko ang files na kailangan mo," anito habang itinuturo ang silya sa harap ng mesa.

Nagtungo ito sa filing cabinet at hinalughog ang laman niyon. Habang hinahanap ang mga data na kailangan niya, nagsalita ito, "Kailan nga ulit ang alis mo, hija?"

"Sa Huwebes na po. Bale, in five days na," sabi

niya.

"Kabilis mo naman."

"Oho, two weeks lang po talaga ang inilaan ko para mangalap ng data para sa aking dissertation. Kailangan kong bumalik agad sa New Jersey para maisulat ito at makahabol sa graduation sa August."

"Saan ka nga ulit kumukuha ng Ph. D?"

"Sa *Rutgers University*, Ma'am. Ang suwerte ko nga po at *Fulbright* scholar ako sa Public Administration. Kung nagkataon, hindi namin kakayanin sagutin ang tuition fee."

"Eh, matalino ka naman talagang bata," puri ng matanda.

Namula ang pisngi ni Terry. Noong siya ay nasa kolehiyo, nag-intern siya sa opisina ni Mrs. Rapanay. "Salamat po."

"Plano mo na bang magtagal sa States? Karamihan yata ng tao dito sa atin, gustong mag-migrate doon?"

Matagal na rin niyang pinag-iisipan ang bagay na iyon. Pero nakasisiguro siyang kahit magulo ang Pilipinas, narito pa rin ang puso niya. Hindi niya kayang mahiwalay nang permanente sa kanyang

pamilya. Financially, nakakaraos naman sila ng kanyang mama at dalawang kapatid kaya hindi niya kailangang mamalagi doon. Sayang din ang kanyang pinag-aralan kung magti-TNT siya.

"Ma'am, even if I wanted to, hindi rin puwede. My US visa is a J-2. Para po ito sa mga professionals seeking further studies. Stipulated sa visa na puwede lang kaming mag-part-time work gaya ng trabaho ko bilang researcher sa library. At matapos ang aming pag-aaral, kailangang bumalik kami sa aming sariling bansa para doon magserbisyo. Hindi po ito tulad ng isang working visa."

Tumingin si Dolores mula sa hinahalungkat na mga files. "So, ano'ng plano mo pagbalik mo rito sa August?"

"Magtuturo po ako sa *UP* bilang propesor ng masteral program," sagot niya.

"Basta ipangako mo na magiging consultant ka namin dito, ha," sabi nito.

Tumango si Terry. "It would be a great honor, Ma'am."

Bumalik muli ito sa paghahanap ng mga kailangan niyang dokumento. Matapos ang ilang minuto, hinugot nito ang ilang files. "I've got what

you need."

Kinuha ni Terry ang mga papeles at inilagay sa plastic envelope na dala niya. "Ipapa-photocopy ko lang po ito tapos at idaraan ko rito sa Lunes."

"Don't rush, Terry, kahit ihabilin mo na lang 'yan sa kapatid mo," sabi nito. "O paano, may iba pa ba akong maitutulong sa future Dr. Villegas?"

Napangiti si Terry at lumabas ang dalawang niyang dimples sa magkabilang pisngi. "Wala na po, Ma'am. This is more than enough."

"O sige, habang narito ako sa opisina, kakalkalin ko lang itong ibang nabimbin kong trabaho. Naaalala mo pa ba kung paano lumabas?"

"Yes, Ma'am." Binigyan niya ng isang mahigpit na yakap si Mrs.Rapanay.

Tinapik naman nito ang kanyang likod at sinabing, "Good luck, hija, and have a safe trip." Matapos noon ay lumabas na siya ng opisina nito.

---

Masayang-masaya si Terry. Her hardwork had finally paid off. Nakuha na niya ang lahat ng mga kailangan para maisulat ang kanyang final paper, ang dissertation. Ngayon, puwede na siyang mag-

relax.

Matagal na rin siyang kinukulit ng mga nakababatang kapatid na maglakwatsa sila. Kaya lang naisip niya, may pasok ang mga ito. Si Rachelle, may trabaho at si Belay, may mga final exams dahil kalagitnaan pa lang ng Marso. Bukas lang ang araw nila para magkapag-happy-happy.

Biglang naputol ang pagmumuni-muni ni Terry nang marinig niyang may tumatawag sa kanyang pangalan. Lumingon siya ngunit wala naman siyang nakitang tao maliban sa security guard. Baka naman nananaginip lamang siya.

“Therese! Therese!” sigaw ng isang boses ng babae.

Napaigtad si Terry. Sigurado siya ngayon na hindi siya nangangarap. Iniikot niya ang kanyang buong katawan para makita ang bawat sulok. Hindi niya makita kung saan galing ang boses.

“Terry! Tumingin ka rito sa taas.”

Tumingala siya. Nasa kalagitnaan siya ngayon ng lobby at tanaw ang balcony ng second floor. Nakita niya na nakasandig sa railing ang isang babaeng kumakaway.

“Sandali lang! Hintayin mo ako at bababa ako,” anito.

Wala pa halos isang minuto, nasa tabi na niya ang babaeng sumisigaw ng kanyang pangalan, si Agnes Villarin. Kaklase niya ito noong high school. Hindi siya maaaring magkamali. Ilang tao lang sa mundo ang may ganoon kakulot at kakapal na buhok.

“Si Agnes ka ba?” aniya.

“Magaling! Akala ko hindi mo na makikilala kung sino ako.”

“Well, hindi ko naalala ang boses mo,” biro niya na ikinatawa nilang dalawa.

“Long time, no see, huh?” anito at binigyan siya ng isang malaking bear hug.

Ngumiti si Terry at biglang nag-flashback sa kanya ang masasayang araw na kasama niya si Agnes. Hindi sila magkabarkada pero naging kaklase niya ito noong junior at senior year niya. Naging partner rin niya ito sa ilang mga proyekto kaya may pinagsamahan sila. “Ano na’ng nangyari sa iyo?” pangangamusta niya.

“Siyempre, sing-ganda pa rin ng dati,” biro nito.

"Ako'y isang full-pledged social worker na."

Nanlaki ang mga mata ni Terry. Hindi niya lubusang maiisip kung paano napunta sa public service ang isang sosyalerang gaya ni Agnes.

"Hard to believe, ano?" patuloy nito. "I guess we all went to separate directions after high school. 'Yung mga iba nating kaklase matagal nang happily married at may mga anak na. Ako naman, nakahabol pa sa last trip at ikakasal ako sa June."

Kumirot nang kaunti ang dibdib ni Terry. *Eh, ako mukhang hindi na makakahabol.* Naalala niya ang maaanghang na salita ng kanyang ex-boyfriend three years ago when he dumped her: *"You'll never end up with anyone 'cause you are just too tied down to your career."*

Bumuntong-hininga si Terry. "Well, congratulations. Ako naman, still happily single. Busy ako sa pagtapos ng aking doctorate degree," aniya saka ikinuwento ang mga detalye ng kanyang scholarship at ang mga plano niyang matapos niya.

Pumalakpak si Agnes. "Very impressive. Kunsabagay, hindi na ako dapat magtaka dahil even then, super talino ka na. Kaya nga happy ako palagi kapag ikaw ang kasama ko sa mga projects.

Buti na lang at parehong V ang apelyido natin kaya magkasunod tayo. If I remember correctly, ikaw ang ating Salutatorian, hindi ba?"

Tumango na lang si Terry. Nerd at heart na nga talaga siya noon pa man. Pati sa mga dating kakilala, iyon ang image niya.

"You know what, kung gusto mong makipag-touch-base sa mga iba nating kaklase, may fundraiser mamaya sa *Embassy*. Join ka sa amin, ha. It's really for a good cause, 'tapos makakapag-mini-reunion pa tayo ng ibang mga kaklase nating nadenggoy kong magpunta."

Non-commital ang sagot niya. "I can't promise anything. Basta, titingnan ko muna kasi nabibilang na rin ang araw ko rito."

"Okay lang. Basta nasa reception area lang ako kaya huwag kang mahiyang pumunta."

Nagbeso-beso ang dalawang magkaibigan bago tuluyang naghiwalay para asikasuhin ang sari-sarili nilang mga lakad.

---

Bumaba si Terry sa Guadalupe Station ng MRT. Doon na lamang siya mag-aabang ng pampasaherong

jeep para tuluy-tuloy na siya sa kanilang bahay. Habang naglalakad sa sidewalk, biglang parang bula, lumitaw ang isang asul na kotse. Nadaan ang gulong nito sa isang malaking lubak at lahat ng maruming putik doon ay tumalsik sa kanya.

Kaagad nag-init ang ulo ni Terry sa kamalasan niyang iyon. Ang driver ng sasakyan ay mabilis namang itinabi ang kotse at bumaba para humingi ng paumanhin.

Hindi naman pala talaga ito walang modo kahit na hitsurang ex-convict ito na naka-sando at lumang puruntong shorts.

"Pasensya ka na, Miss," sabi nito habang nagkakamot ng ulo.

Inirapan ni Terry ang lalaki at ipinagpatuloy ang pagpupunas ng kanyang naputikang damit. Hindi na niya pag-uukulan ng pansin ang lalaki dahil baka masabunutan lang niya ito. Sigurado siyang ang mahabang buhok na kinakamot nito ngayon ay puno ng kuto. Baka mahawa pa siya sa germs nito dahil mukhang ilang araw na itong hindi naliligo.

"Pasensya! Pasensya! Ano pa nga ba'ng magagawa ko? Mag-ingat ka naman!" mataray niyang sumbat sabay talikod papalayo.

Alas seis y media na ng gabi nang makarating si Terry sa bahay nila sa Rizal Village sa Makati. Pumasok siya sa loob ng townhouse, na tahanan nila mula pa noong siya ay pitong taong gulang, gamit ang susing ipinahiram ng kanyang ina.

Kahit na halos dalawang taon na siyang wala dahil sa pag-aaral sa Amerika, pakiramdam ni Terry ay walang malaking ipinagbago ang bahay nila. Feeling at home pa rin siya rito.

Ang bukod tanging nagbago ay ang room assignments nila. Tatlo ang kuwarto sa itaas. Dati, ang pinakamalaking kuwarto ay para sa kanyang mama at nasirang papa, ang sumunod na malaking kuwarto ay pinaghatian ng dalawa niyang nakababatang kapatid na babae at ang pinakamaliit ay kanya.

Ngayon, wala na siyang sariling silid dahil naghiwalay na si Rachelle at Belay. Siya ngayon ay nakikitulog sa kuwarto ng kanyang mama.

“Hello! Narito na ako,” masayang bati niya pagpasok sa loob.

Walang sumagot sa kanyang mga tawag maliban sa katulong na lumabas mula sa kusina. Nanlaki ang

mga mata nito nang makita ang kanyang putikang damit.

"Huwag mo nang tanungin, Manang," sabi niya bago pa ito tuluyang makapagsalita. Biglang sumagi sa isipan niya ang driver. Sayang at may hitsura pa naman ito. "It's a small accident na gusto ko nang kalimutan. Nasaan sila?"

"Ma'am, ang mama n'yo po, umalis kasama ang inyong Tita Sally. Si Rachelle naman, dinaanan ng boyfriend niya. Ang naiwan lang po, si Belay at nasa kuwarto po niya ito. Siguro, hindi lang kayo naririnig at naka-walkman po."

"Ah, ganoon ba, Manang?" malungkot niyang pahayag. Sa isip niya, bakit kaya nag-alisan ang pamilya niya gayong sandali na lang ang ilalagi niya sa Maynila?

"Gusto n'yo bang kumain?" tanong nito.

"Hindi na, Manang. Ako na lang ang bahala sa sarili ko kapag nagutom ako," sagot niya.

Ipinatong ni Terry ang kanyang mga gamit sa gilid ng hagdanan. Pagkatapos, hinubad niya ang kanyang sapatos at isinuot ang tsinelas. Lulugo-lugo siyang kumuha ng malamig na tubig mula sa water dispenser. Hindi pa rin nakakapag-adjust

ang kanyang katawan sa init ng Pilipinas dahil may snow pa nang lisanin niya ang New Jersey. Lalo na ngayon, Marso, ibang klase ang paso ng araw dahil simula na ng tag-init.

Matapos uminom ng dalawang basong tubig, umakyat siya sa itaas at kumatok sa kuwarto ni Belay, ang dati niyang silid. Nang hindi ito sumagot, binuksan niya ang pinto at pumasok.

Napangiti siya habang ipinapalibot ang kanyang mga mata sa buong paligid. Hindi na nga niya ito matatawag na kuwarto dahil saksakan ito ng gulo ngayon. Maraming gamit na nagkalat sa sahig, ang mga damit na pinagbihisan ay nakasampay lang sa silya at puno ng alikabok ang mga mesita.

Itinulak ni Terry ang ilang sapatos sa gilid para tuluyang mabuksan ang pintuan. Nakahilata si Belay sa kanyang kama at nakapatong pa ang mga paa nito sa dingding. Kung hindi pa niya alam na nakikinig ito sa *iPod*, iisipin niyang tulog ito dahil nakapikit ang mga mata. Tinanggal ni Terry ang isang earpiece at binulong sa tainga ng kapatid, "Hoy, Belay!"

Bigla itong napaupo sa kama sa sobrang pagkagulat. "Ikaw naman, Ate, tinakot mo 'ko." Pinatay nito ang *iPod* at inilapag iyon sa mesita sa tabi ng kama.

"Hoy, baka masira iyang *iPod* na regalo ko dahil sa alikabok," biro niya.

Mahinay siyang hinampas ni Belay ng unan. "Ikaw talaga. Para kang general. Talo mo pa si Mama sa pagka-orderly. Neat freak ka talaga. Ano nga ba'ng tawag doon? OCD? May obsessive compulsive disorder ka," biro naman nito.

"He he he!" sarkastikong hirit ni Terry. "Ilang beses ko ba kasing sasabihin sa iyo na ang kuwarto mo ay repleksyon kung anong klaseng tao ka."

"Hay naku, Ate, lumang tugtugin na 'yan," pilyang sagot nito. "Kanina ka pa ba dumating?"

Bumuntong-hininga siya. Lost cause na talaga ang kanyang kapatid. Magsasayang lang siya ng laway sa kasesermon dito. Itinupi niya ang ilang damit para makaupo sa silya. "Kararating ko lang. Bakit parang ghost town itong bahay?"

"Eh, paano kasi, ang alam namin, late ka pa uuwi. The past couple of days na narito ka, busy ka sa iyong data gathering."

"Natapos ko na 'yon ngayon, kaya puwede na sana tayong lumabas."

"Akala kasi nila, busy ka pa."

"Eh, di tayo na lang ang mag-date," aya niya.

Napansin niyang namula ang kapatid at hindi makatingin sa kanya nang tuwid.

"Ate, kasi nga sabi ko na akala namin may gagawin ka pa. Kaya pati ako, may date na. Susunduin ako ni Tony mamayang alas ocho. Actually, dapat maghanda na ako," nahihiya nitong sabi.

Nadismaya si Terry pero hindi niya ipinahalata. Hindi niya masisisi ang kanyang pamilya dahil, gaya ng sabi ni Belay, naging busy nga siya simula nang dumating siya. She could not blame them for going on with their usual affairs. "Okay lang. Basta bukas na lang tayo lumabas."

"Kung gusto mo, i-text ko si Tony na i-cancel—"

"Hindi na," putol niya sa kapatid. "May nakita rin akong kaklase na nagyaya sa akin sa *Embassy* sa *The Fort*."

"Wow! Ate, class na lugar iyon. Iyon ang pinakasikat na gimikan rito ngayon sa buong Metro Manila. May bouncer pa sila at may pila sa labas."

"Ganoon? Feeling New York ang drama? Sorry na lang sila at medyo pagod na ang beauty ko," walang gana niyang sagot.

"Naku, sis, huwag mo sabihin sa aking magpapakabato ka rito sa bahay, ha. Kung ganyan, ika-cancel ko ang date ko para masamahan ka."

Pinigil niya ito. "Please, don't. Okay lang talaga ako."

"Well, then dapat lumabas ka para hindi naman ako makonsyensya na maiiwan ka ritong mag-isa kasama si Manang Inday."

Ikinibit lamang niya ang kanyang balikat. Hindi naman talaga siya mahilig sa gimmick. Mas gusto pa niya ang katahimikan sa loob ng bahay. Maraming puwedeng gawin doon gaya ng maglinis, magbasa, manood ng TV, makinig ng radyo o mag-spa sa banyo.

Napansin ni Belay ang pag-aalinlangan niya. "Sige na. Kailangan ka pa ba talagang ipagtulakang lumabas?" Hinaplos nito ang batok na para bang nakukunsumi. "Ate, malapit ka nang malaglag sa kalendaryo. Kung hindi ka pa lalabas, paano mo makikilala ang future boyfriend o asawa mo? Remember, si Mr. Right?"

Alam ni Terry, nagbibiro lang ang kanyang kapatid, gaya ng karaniwang parinig sa kanya ng ibang kapamilya. Totoo nga naman kasing malapit

na siyang mawala sa kalendaryo dahil twenty-nine years old na siya. Pero this time, masakit ang tama niyon. Tagos sa buto.

Ordinarily, hindi niya iniinda ang mga kantyaw na ganito dahil aminado naman siyang iba ang kanyang priorities. Lahat ng kanyang mga desisyon ay kalkulado at ang resulta nito ay isang matagumpay na career. Iyon nga lang, romance had taken a backseat.

Alam ni Terry, kaya siya naging maselan ngayon ay dahil sa tagpo nila kanina ni Agnes at sa balita nitong may sari-sarili nang pamilya ang kanilang mga kaklase noong high school.

Siya kaya? What had she got to show? Ano bang kuwenta ng titulo kung wala namang nagmamahal na makikihati sa tagumpay mo?

Kaagad niyang pinawi mula sa utak ang mga sumagi sa isip niya. Walang lugar sa buhay niya ang self-pity. Nariyan naman ang kanyang mama at mga kapatid.

Tinitigan niya si Belay, hindi malabong maunahan pa siyang mag-asawa ng pinakabatang kapatid. Sa gulang na twenty-two, hindi ito nawawalan ng mga masugid na manliligaw. Nakakahiya naman kung

aminin niya rito na hindi siya komportable sa mga ganoong klase ng pagtitipon-tipon. Masisira ang kanyang 'confident ate' image.

Para hindi mapahiya sa harap nito, nangatuwiran siya. "Hindi po ako naghahanap ng asawa dahil ako po'y happy sa aking pagiging single. At hindi rin ako bored. Magpapahinga lang ako sandali at pupuntang *Embassy*." Sa isip niya, hindi naman nito malalaman na hindi talaga siya nagpunta doon.

Nanliit ang mga mata ni Belay na para bang binabasa ang laman ng kanyang utak. Huminga ito nang malalim, namaywang at sinabing, "Okay. Siguraduhin mong iuwi mamaya ang entrance ticket para makita ko, ha," hamon nito.

Kilala nga siya ng kapatid. Alam nitong hindi siya umuurong sa kahit anong challenge.

"Oo ba," sagot ni Terry sabay taas ng hinlalaki. Napasubo yata siya.

# 3

Katatapos lang ni Terry na kumain ng peanut butter sandwich at uminom ng isang tasang kape. Americanized kung titingnan, pero mula pa noon, hindi naman siya talaga mahilig kumain ng kanin. Ang kape ay kailangan niya para manatiling gising sa party sa *Embassy*.

Morning person talaga si Terry kahit noong nasa elementary pa siya. Sa Amerika, maaga siyang gumising para linisin ang kanyang kuwarto at maglaba ng mga damit niya. Lahat ng kanyang mga tungkulin tulad ng pagre-review, reports at mga meeting ay naka-schedule sa umaga. Mayroon siyang daily routine at lahat ay maayos na nakasulat sa kanyang planner. Mas gumagana kasi ang utak niya kapag kasabay niyang bumangon ang sikat ng araw.

Naligo siya at ngayon ay nakatapis ng dilaw na tuwalya habang pumipili ng kanyang isusuot. Habang pinagpipilian ang mga posibleng damit na ipinatong niya sa kama, biglang pumasok si Belay sa kuwarto.

"Magpapaalam lang ako. Nariyan na ang date ko sa ibaba."

"Sige. Mag-iingat ka."

Lumapit si Belay sa kama para makiusisa. "Ano ba 'yang mga damit mo? Masyadong corporate ang dating para sa pupuntahan mo. Sandali lang, ha," anito sabay labas ng silid.

Nagtaka si Terry sa inasal ng kanyang kapatid. Kaagad bumalik si Belay mula sa kuwarto nito dala ang isang baby pink and lavander spaghetti strap babydoll top. Para itong mini-dress na hanggang hita.

"Iyan lang ang isusuot ko?" gulat niyang pahayag habang umiiling.

"Sira! Ate, isusuot mo ito over your dark denims," anito. Pumunta ito sa kabinet at kinuha mula sa hanger ang kanyang indigo blue jeans. "Ito ha. Latest fashion trend iyang dress-over-jeans combo."

Nagkamot si Terry ng kanyang ulo. "Hindi bagay sa akin 'yan. Trying hard ang dating ko. At ang kulay, masyadong pambata."

"Ate, ano ka ba naman," reklamo nito. "Walang mga rules pagdating sa kulay," ani Belay saka kinuha ang kamay niya at dinala siya patungong full-length mirror. "See that. Mukhang magkasing-edad lang

tayo. Suwerte ka at nakuha mo ang petite genes ng Mama," papuri pa nito.

Mas maliit nga siya kaysa kay Belay. Sa taas na halos 5'2", siya ang pinakamaliit sa kanila. Mas mataas nang dalawang pulgada ang kanyang mga kapatid.

Pinutol ng boses ni Belay ang kanyang pagmumuni-muni. "Oh, iyan ang isuot mo, ha. Hindi bagay sa 'yo yang mala-manang na outfits."

Hinagkan siya nito sa pisngi at tuluyang lumabas ng kuwarto.

Matapos ang ilang segundo, narinig niyang bumubunganga ang boses nito habang pababa ng hagdan, "Huwag kakalimutan ang ticket!"

Napatawa si Terry sa kabaliwan ng pinakabatang kapatid. Ang bilis talaga ng panahon. Malaki na ang kanilang baby at binibigyan pa siya ngayon nito ng fashion tips. Madala naman kaya niya ang damit na inilabas nito?

Away from the sanctuary of her work and usual routine, pakiramdam niya, puwede siyang magpaka-daring, for a change. Minabuti niyang madaliang magbihis.

"Sige na nga, masuot ka," ani Terry habang tinititigan ang blouse ni Belay.

Kaagad niya iyong isinuot. Hindi na siya tumingin sa salamin at baka magbago pa ang isip niya. Kinuha niya mula sa kanyang maleta ang isang black satin stiletto pumps at isinuot iyon. Nag-spray siya ng cologne, kinuha mula sa tokador ang susi ng family car, isinukbit ang kanyang bag at lumabas ng bahay para sa imbitasyon ni Agnes sa *Embassy*.

---

Dama ni Henry ang matalas na titig sa kanya ng bouncer. Kung hindi pa siya hinigit ni Agnes papunta sa loob, malamang ay hindi siya nakapasok sa club.

"Ano ba naman kasi 'yang hitsura mo?" patutsada nito. "Ni hindi ka man lang pumorma nang konti?"

"Bakit, disente naman itong suot ko ha?" sagot niya. "Pumorma na nga ako, ano. Pasalamat ka't naka-rubber shoes pa ako para sa okasyong ito. De-kuwelyo pa ang t-shirt ko at nagpantalon ako."

Tinitigan ni Agnes ang faded jeans na suot ng binata na may punit sa kaliwang tuhod. Itinaas nito ang kilay. "Hindi ka nga nag-sandals o nagpuruntong, pero hindi 'yan ang pormang ibig kong sabihin. Sayang naman ang six-pack mo," anito. "Tingnan

mo nga ang mga tao sa paligid mo, dressed to kill."

Hindi na kailangang igala ni Henry ang mga mata para malamang nakaporma ang lahat. Nakapasok na siya sa *Embassy* noon at sigurado siyang karamihan ng mga lalaki ay naka-fitted t-shirts para ipakita ang maskuladong katawan ng mga ito. Iyong iba naman ay naka-shirt na may tumataginting na brand name. At ang mga babae, kay-iikli ng mga palda kaya halos makita na ang mga singit at mga pang-itaas, halos luwa na ang boobs.

Nakasisiguro rin siyang karamihan ng tao sa loob ng club ay naligo ng pabango. Amoy niya ang nakasusulasok na iba't-ibang uri ng perfume, kahalo ng pawis at usok. Masangsang.

"'Yan ba ang tinatawag mong dressed to kill?" turo niya sa isang babaeng gumigiling at halos mag-umalpas ang mayamang dibdib mula sa suot na tube top. "Halos wala nang suot 'yan, ah."

Inikot ni Agnes ang mga mata.

"At hindi rin ako model ng *Polo* at *Tommy Hillfiger*," sarkastiko niyang pahayag.

"Hay naku, Henry. Wala ka na talagang pag-asa. Diyan ka na nga muna sa table at mag-order ka ng drink. Maghanap ka na rin nang makaka-chika dahil

busy kami ni Fely sa labas."

Sumandal si Henry sa kanyang silya at bumuntong-hininga. Ano ba ang nakain niya at nagpauto siya kay Agnes para pumunta sa lugar na ganito? Tiningnan niya ang kanyang paligid. Kung di umiinom, nagsasayawan ang mga tao sa malakas na techno music. Kay sakit nito sa tainga at wala pang maintindihang lyrics. Hindi siya bagay sa ganitong lugar.

Nagulat siya nang may biglang sumalampak sa silyang katabi niya. Isang babaeng naka-denim mini-skirt at pulang blouse.

"Hey there, cutie!" bati nito sa kanya.

"Yes, what can I do for you?" alanganin niyang sagot.

Lumingon ang babae sa isang table ng mga naghahagikgikang girls bago siya tuluyang sinagot. "Can you hold my yosi for me, bathroom lang ako."

Nagpanting ang tainga niya, "Mukha ba akong ashtray?"

"Please naman," bulong nito. "Please, just hold the damn thing for a minute. May bet ako against my friends."

"O siya. Basta dalian mo."

Ngayon, hawak ang nakakainis na sigarilyo dahil walang ashtray sa malapit, mas lalo pa siyang nakasisigurong ayaw niya sa mga ganitong lugar. Hindi na siya magpapagoyo pa kay Agnes kailanman kahit fundraising pa ito. Mas gusto pa niyang makipag-jamming na lang sa acoustic lounge. Sayang ang oras niya rito.

Dumaan ang isang waiter at kinalabit niya ito. Nag-order siya ng isang *San Mig Light*.

Makaraan ang isang saglit, dinala ng waiter ang kanyang inumin. Henry took a big gulp of ice cold beer. Hindi niyon napawi ang kanyang uhaw. Na-disappoint siya sa sarili. Kung makikita siya ng kaibigang si Peter, sigurado siyang madidismaya rin ang mga ito sa kanya. Inilapag niya ang bote ng beer sa gitna ng mesa. Pagkatapos ay kumuha siya ng pera mula sa bulsa at ipinatong iyon katabi nito.

Tumayo siya mula sa kanyang silya. Kumuha siya ng isang basong tubig sa bar at dumerecho siya ng banyo para ibalik ang yosi ng balahurang babae at nang makauwi na siya.

---

Nag-aalangan pa rin si Terry nang dumating siya

sa *Embassy*. Makapal ang tao sa labas ng receiving area and she had to fight her way to get to the front. Magdadalawang-isip na sana siya sa pagpasok nang marinig ang boses ni Agnes.

"I'm so glad you made it," anito.

Binayaran ni Terry ang entrance fee at sinamahan siya ni Agnes patungo sa mesa ng mga dati nilang kaklase sa *Santa Rosa*. Naroon ang magbabarkadang sina Beth, Antoinette at Trixie, mga former schoolmates nila kasama ang kanilang mga asawa.

"O, ingatan n'yo si Terry ha, dahil kailangan ko munang lumabas uli sa reception area," bilin nito.

Umupo si Terry sa bakanteng silya sa tabi ni Beth. Hindi niya alam ang sasabihin sa kanila at mukhang ilag din sila sa kanya. Kunsabagay, they really had nothing in common maliban sa dati nilang school.

"Here," simula ni Beth, "have some appetizers."

Kumuha si Terry ng isang pirasong nacho chip. "Salamat," aniya. Hindi siya nagugutom pero nakakahiya naman kung tatanggi siya.

Nag-excuse muna si Trixie at ang asawa nito para sumayaw.

"Kamusta na kayo?" simula niya. Nagkuwento siya nang kaunti tungkol sa kanyang buhay. Pero ang dalawang dating kaklase ay kakarampot ang mga sagot. Nahirapan siyang makisama sa kanila kaya balisa siya sa kanyang kinauupuan.

Inilibot niya ang kanyang mga mata sa paligid. Maganda sana ang lugar, kaya lang, masikip dahil sa dami ng tao. Mausok din at sobrang lakas ng musika kaya mahirap magkarinigan. Hindi niya masisi ang mga ka-table kung bakit tahimik ang mga ito.

Hindi talaga mapipilit ang ibang bagay gaya ng pagkakaibigan. She felt sorely out of place. The silence was growing really unbearable kaya napagpasyahan ni Terry, "Excuse muna guys, ha. Mukhang may nakita akong old college buddy sa gawi doon. Pupuntahan ko lang siya."

Alam niyang tama ang kanyang naging desisyon nang lumiwanag ang mga mukha ng mga naiwan sa mesa. She knew she was intruding dahil siya lamang ang hindi nila kabarkada na naroon. She was an outsider.

Kinagat ni Terry ang kanyang labi nang siya ay tumayo. Ano ba ang nakain niya at pumunta pa siya rito? Sigurado siyang kung may makilala man siya ritong lalaki, hindi iyon ang tipo niya, especially

kung sa ganitong klase ng lugar ang hangout nito. Kumaway siya sa mga ito at nagmadaling pumunta ng banyo.

Sa loob ng ladies' room, tinitigan ni Terry ang kanyang sarili. Nagulat siya sa repleksyon. Bagay nga ang damit ni Belay sa kanya. Hindi siya mukhang frumpy old maid ngayon.

Napalingon siya nang marinig na may dumuduwal sa likuran niya. Nakabukas ang pinto ng toilet at dalawang tao ang naroon, ang sumusuka at ang kaibigan na humahagod sa likod nito. Mukhang rich kids ang mga ito.

"I told you naman kasi," anang babaeng umaalalay sa nakainom, gamit ang isang pekeng American twang, "stop na with that fifth tequila shot. But you didn't want to listen, eh. Tingnan mo, you're so wasted na."

Terry felt like she was intruding. Humarap siyang muli sa salamin at naghugas ng kamay.

Hindi tumigil sa pagsesermon ang babaeng may pekeng twang. "You're so kakaasar na, ha. You almost tusok me with that barbecue stick pa."

Nanginig si Terry sa sobrang pandidiri. Siya yata ang susunod na masusuka kapag ipinagpatuloy

niyang pakinggan ang pagpatay nila sa lengguwaheng Ingles.

Bumuntong-hininga si Terry. Pinatay niya ang gripo at pinatuyo ang kamay sa ilalim ng dryer. Hahanapin niya si Agnes para magpaalam. Sayang ang oras niya sa ganitong lugar.

# 4

Nagmamadali si Terry na lumabas ng banyo. Sa pasilyo, nagulantang siya nang makabangga ang isang lalaking may bitbit na yosi sa isang kamay at isang basong tubig naman sa kabila. Natapunan pa siya nito ng hawak na inumin. At hindi lang iyon, natapakan pa siya ng maputik nitong sapatos.

*Magaling!* Her dress, correction ang damit ni Belay, was ruined. Not only that, pati ang bagong black satin pumps niya ay mukhang namimiligro. Mula sa nadumihang sapatos, iniangat niya ang kanyang mga mata para puksain ang lalaki sa pamamagitan ng isang masamang titig.

"Ano ka ba, bulag?"

Biglang nanlaki ang mga mata ni Terry. Hindi siya maaring magkamali. Iisa lang ang may-ari ng buhok na iyon. "Ikaw na naman? Hindi ka na ba nakontento na pinaliguan mo ako ng putik kanina?"

Ang hindi niya maintindihan, sa kalagitnaan ng kanyang galit, bigla niyang naisip na ang ganda ng mga mata ng estranghero. Malalalim, bilog na bilog ang hugis, at mahahaba pa ang makakapal na pilik.

Maganda rin ang korte ng makapal nitong kilay. She did not know how all of this registered through her irritated brain.

"Sorry, Miss," paumanhin ni Henry. Gusto niyang bumuka ang lupa. Nakakahiya na at strike two na siya sa babae sa kanyang harapan. Baka isipin nitong nananadya siya.

Kanina pa niyang hapon napansin, kahit na balot sa putik, na hindi pangkaraniwan ang ganda ng babae. Marahil, mas lutang pa ang kagandahan nito kung hindi lang nakasimangot ang mukha. Morena ito at medyo maliit pero may kakaibang dating. Ang mala-tsokolateng balat ay para bang may kakaibang kinang. Pati ang buhok nito ay hindi tulad noong sa ibang babae na halatang ipinaunat. At di tulad ng iba, ang dibdib nito ay hindi nakaluwa dahil naka-lacy undershirt ito sa ilalim ng sexy dress.

Namula si Terry sa taimtim na titig sa kanya ng lalaki. Nagpasalamat siya dahil madilim kaya hindi nito makikita ang pamumula ng kanyang mga pisngi. At mabuti na lang na malakas din ang musika kaya hindi nito maririnig ang malakas at mabilis na pintig ng kanyang pulso.

"Well, sa uli-uli," mataray niyang simula, "mag-iingat ka at nakakaperhuwisyo ka!" Inirapan niya

ito bago tuluyang lumabas.

Pakiramdam ni Henry, para siyang dinaanan ng isang ipu-ipo. Mukhang kakaiba ang babaeng papaalis. Kanina pa niya ito iniisip simula nang masabuyan niya ito ng putik. Sinundan niya ito ng tingin. Makikita ang confidence nito sa kung paano ito maglakad—nakataas ang ulo at sigurado ang mga yapak. There was also a different kind of grace in the way she walked.

Impressed din siya dahil wala itong takot makipag-usap para sabihin ang saloobin. Hindi pa pa-sosyal magsalita ang babae. Hindi iyong tulad ng iba na tipong pa-helpless ang effect. Sayang lang dahil hindi maganda ang una nilang engkuwentro.

Itinurok ni Henry ang hawak na yosi sa pader sa sobrang inis.

Nagkataon naman, lumabas ang babaeng naghabilin sa kanya ng yosi mula sa banyo. “Hey, dude, don’t. Sayang ang yosi ko.”

“Next time pag nagbanyo ka, dalhin mo. Gaya ng sabi ko kanina, hindi ako ashtray.” Itinapon ni Henry ang sigarilyo sa sahig sa paanan ng babaeng walang konsiderasyon.

Hindi siya pinalaking bastos ng kanyang

ina. Pero ang babaeng ito ay inubos ang kanyang pasensya. Kapag bastos ang kaharap niya, handa rin siyang makipagbastusan.

Mariing ipinatong ni Henry ang baso sa mesa ng reception area. Napatingala si Agnes at Fely mula sa pagbibilang nila ng pera.

"Ngayon ka pa aalis, eh, papatapos na kami," ani Fely.

Iwinagayway niya ang kanyang kamay. "Sorry, girls. May happening akong iba."

---

Parang gustong maiyak, matawa, maglulundag at magtitili ni Terry nang sabay-sabay. Nakatayo siya ngayon katabi ang kanilang lumang *Toyota Corolla*. Dama niya ang lamig ng salamin sa kanyang noo, dahil ang kanyang mukha ay nakadukdok sa bintana. Tanaw niya mula roon, ang susing naiwan sa transmission katabi ng manibela. Pakiramdam niya, parang tinutuya pa siya ng susi sa kanyang katangahan. Nakakabaliw!

This was totally unlike her, dahil kailanman ay hindi siya nagiging absent-minded. Pero aminado siyang dahil sa halong kaba at excitement, nakaligtaan nga niyang ilagay ang susi sa kanyang

bag. Katangahan talaga at its finest. Hindi rin naman kasi siya sanay magmaneho ng kotse sa US. Umaasa lang siya sa pampublikong bus, sa tren, o di kaya sa kanyang pipitsuging bisikletang nabili sa garage sale.

Tumayo siya nang tuwid, huminga nang malalim, at inisip kung ano ang dapat niyang gawin. Una, puwede siyang humingi ng tulong sa security guard lalo na at madilim ang parking lot. Hindi maasahan ang seguridad sa Maynila. Pangalawa, puwede siyang bumalik sa bar at maghanap ng phone para tumawag sa mga kapatid na ihatid ang spare key or sa isang duplicate key service para buksan ang pinto.

Ngayon lang niya pinagsisihan kung bakit hindi siya nagpabuyo sa mga kapatid na bumili ng local SIM card.

Iniiling ni Terry ang kanyang ulo. Nasa huli nga naman talaga ang pagsisisi. Pero wala sa bokabularyo niya ang magmukmok. Tumalikod siya, handang bumalik ng bar para makigamit ng telepono nang mariin siyang sumalpok sa isang matigas, malaki at matipunong dibdib.

Binalot si Terry ng takot at naghanda siyang tumakbo.

Marahang hinawakan ng estranghero ang kanyang braso. "Sandali lang, Miss, may problema ka ba?"

Parang biglang nahimasmasan si Terry. Kilala niya ang boses na iyon. "Ikaw na naman?" gulat niyang sambit.

Ito ang lalaking nakabangga niya kanina sa labas ng banyo. Talaga bang wala itong ibang magawa kundi barahan ang daraanan niya?

Sinipat niya ang hitsura nito. Mestisuhin ang aura nito maliban sa balat na halatang nasunog sa ilalim ng araw. Guwapo sana kaya lang mahaba ang buhok at mukhang hindi marunong mag-ayos dahil punit pa ang pantalon. Kung hindi lang tunay ang pag-aalala sa mga mata nitong nakakahalina, maghihihiyaw na sana siya ng saklolo.

Iwinaksi ni Terry ang kanyang kamay para mabitawan siya nito. "Wala po akong pera."

Napatawa nang malakas ang binata. "Miss, hindi po ako holdupper," anito. Nang manlaki ang kanyang mata sa takot, madali nitong ipinagpatuloy, "At mas lalo namang hindi ako rapist. Hindi ko kailangang ipilit ang sarili ko kaninuman."

Dahil sa sinabi nito, nakahinga muli nang

maluwag si Terry.

"Mukhang may problema ka," anito.

Tinigil na niya ang pagpapakiyeme. Mukhang mabait naman ang mama kahit na mukhang hindi ito naligo. "'Yung susi ko, naiwan ko sa loob at naka-lock lahat ng mga pinto."

"Ah, ganoon ba? Matutulungan kita. Pasalamat ka at hindi latest model ang iyong kotse dahil kung nagkataon, patay tayo sa alarm system. Wala naman yatang alarm ito, hindi ba?"

Tumango lang siya bilang sagot. Napakunot ang kanyang noo, ano kaya ang plano nito?

Naglabas ng *Swiss Army* pocket knife si Henry mula sa likurang bulsa ng carpenter jeans nito.

"Relax ka lang," anito habang binubuksan ang multi-function pocket knife. Pinili nito ang screwdriver mula sa iba't ibang maliliit na gadgets doon.

Itinikom ni Terry ang kanyang bibig nang lumuhod ito at sinimulang buksan ang lock gamit ang manipis na screwdriver.

Napasimangot siya. "Alam mo ba ang ginagawa mo?" may pag-alala niyang usisa.

"Relax ka lang, Miss. You'll see, sandali lang, bukas na ito. Then, you'll be on your way."

Habang binubuksan ng lalaki ang pinto, pumaling ang mga mata ni Terry sa braso nito. Nagulat siya sa kanyang nakita, isang takaw-pansin na mamahaling wristwatch. Naisip niya, *hindi nga ako nanakawan nito*. Ito lamang ang bukod tanging luho sa katawan ng lalaki. He was certainly a man of contradictions dahil kung titingnan mo ito, mukha itong istambay at kanto boy na hindi gagawa ng maganda.

Matapos ang ilang segundo, narinig niyang kumagat ang lock.

"O, 'ayan," dramatiko nitong pahayag sabay yuko habang binubuksan ang pinto.

Parang gustong maglulundag ni Terry sa saya. Gusto niyang yakapin ang lalaki pero naghunos-dili siya. Bumilib siya rito dahil hindi ito nag-atubili sa pagtulong kahit nasungitan niya ito kanina. He really saved her a lot of time and effort. Hindi niya alam, napangiti siya rito labas ang kanyang dimples.

Tila nagsirku-sirko ang puso ni Henry nang makita ang galak sa mukha ng babae. Ngayon, sa ilalim ng liwanag ng buwan, mas lalo pa siyang nakasiguro na iba nga ang sex appeal ng babaeng

nakabangga niya.

“How about lunch tomorrow?” Narinig ni Henry ang sariling boses. Kung paano siya naunahan ng kanyang bibig, hindi niya mawari.

Hindi makapaniwala si Terry sa narinig. Pinopormahan ba siya talaga ng lalaking ito? Hindi naman siguro siya ang tipo nitong babae dahil halos hanggang kili-kili lang siya nito.

“Sige na, I won’t take no for an answer. It’s the least you can do to thank me,” pagpupumilit pa nito.

Plano sana niyang isnabin ang lalaki dahil sa presko nitong banat. Pero nagdalawang-isip siya dahil tama nga naman ito, malaki ang naitulong nito sa kanya.

Napatawa na lang si Terry. “Hinilamusan mo ako ng putik. Ngayong gabi, tinapunan mo ako ng tubig at tinapakan ang sapatos ko, tapos, ako pa ang may utang sa iyo? At ni hindi mo pa nga alam ang pangalan ko, tapos yayain mo na akong mag-date?”

Hindi napigilan ni Henry na makisalo sa tawa ng dalaga sa harapan niya. She really did have a different kind of spunk. Tama nga ang unang assessment niya rito, wala itong takot ipahayag ang sariling opinyon. Iniabot niya ang kamay rito.

“Henry Orlina at your service, Ma’am. I am really, really sorry.”

Nang maglapat ang kanilang kamay, parang kung anong electric shock ang dumaloy sa dugo ni Henry kung kaya lumaktaw ang pintig ng kanyang puso. Si Terry naman ay kaagad hinablot ang kamay dahil parang napaso ito ng mainit na kalan sa haplos ng binata.

Tatanggihan sana ng dalaga ang alok nitong tanghalian pero iba ang lumabas sa kanyang bibig, “Okay, mag-lunch tayo. Pero hindi ako puwede bukas kundi sa Lunes pa.”

Pakiwari ni Henry, isa siyang batang inabutan ng lollipop. Halos pumalakpak sa tuwa pati ang tainga niya. “Okay, saan kita puwedeng sunduin?”

“No. I’ll meet you there,” mariing pahayag ng dalaga. “Just name the place.”

Iba nga talaga ang babaeng ito, kayang tumayo sa sariling paa. “How can I be sure na darating ka? Paano kung indyanin mo ako?”

“Just give me the details and I’ll be there. Word of honor,” ani Terry habang derechong nakatitig sa mga mata niya.

Naisip ni Henry, maliit lang siyang babae pero parang napakalaking tao. Napakalakas kasi ng personalidad. "Okay then, just give me your cellphone number para ma-text kita kung tuloy tayo."

"Wala akong cell." Nang mukhang hindi naniwala si Henry, ipinaliwanag nito kung bakit wala itong cellphone.

"Impressive. Sobrang talino ka siguro para makakuha ng scholarship. At sandali ka na lang pala dito sa Pilipinas." Naging malungkot ang mga mata ni Henry. *Ang malas ko naman*.

Hindi alam ni Terry kung ano ang nag-udyok sa kanya para magpaliwanag dahil kung titingnan, si Henry ay hindi iyong tipong makakasundo niya. "But I'll be back in six months para magturo sa *UP Diliman*." Nang lumabas ang mga salitang iyon, parang gusto niyang takpan ng kamay ang kanyang bibig. Baka sabihin nitong nagpaparinig siya at umaasang magkikita silang muli matapos ang anim na buwan.

Nabuhayan muli ng loob si Henry sa mga sinabi ng dalaga. "Okay then, magkita tayo sa Lunes. Alas onse y media sa *California Pizza Kitchen* sa *Glorietta*."

"Okay, I'll be there."

Inalalayan siya nitong sumakay ng sasakyan. Gentleman naman pala ito kahit na mukhang sanggano ang dating. Napansin ni Terry na nangangatog at pasmado ang kanyang kamay nang ipinihit niya ang susi para paandarin ang makina.

Habang minamaniobra niya palabas ang kotse, nakita niya mula sa gilid ng kanyang mga mata na pinanood siya ni Henry. Marahan niyang itinabi ang sasakyan sa harap ng binata. Ibinaba niya ang bintana at sinabing, "Therese Villegas. That's my name." Kumaway siya at tuluyang umalis.

Tiningnan ni Henry ang mga ilaw nang papaalis na kotse. "'Bye, Therese," bulong niya. Nagustuhan niya ang pagrolyo ng pangalang iyon sa kanyang dila. Pumipito siyang pumunta sa kanyang sasakyan. Ang tagal-tagal naman ng Lunes!

# 5

Tiningnan ni Terry ang kanyang wristwatch. Halos pasado alas doce na ng hapon. Hindi niya sisisihin si Henry kung iwanan siya nito. Naasar siya sa kanyang sarili dahil ayaw niyang nale-late. Lintik naman talaga ang bulok nilang sasakyan na naghingalo at the very last minute.

Matagal din siyang nakatayo sa labas para kumuha ng taxi, pero lahat naman nang dumaan ay may laman. Para bang nananadya. Ngayon, lulan ng jeep, ipinagdasal niyang mahaba sana ang pisi ng pasensya ni Henry. Nanghingi siya ng senyales mula sa langit, kung ito na nga ang lalaking hinihintay niya, sana ay naroon pa ito sa restaurant pagdating niya.

Biglang nanlumo si Terry at sumalampak sa lungkot ang kanyang balikat. Alam niyang isang milagro ang kailangan niya. Sa track record niya sa lalaki, hindi malabong naglaho na itong parang bula pagdating niya roon.

---

Pakiramdam ni Henry, pagkalaki-laki niyang

tanga. He must had the word ‘stupid’ tattooed onto his forehead. Pasado ala una na, kumakalam ang tiyan, pero heto, hinihintay pa rin niya ang babaeng mukhang wala naman talagang intensyong siputin siya. Marahil ito ang paraan ni Terry para singilin siya sa mga atraso niya.

“Word of honor daw,” ngitngit niyang bulong. Hindi ito ang unang pagkakataong nabulag siya ng isang magandang babae. At hindi na siya nadala.

Papatayo na siya mula sa silya nang humahangos na dumating ang dalagang akala niya ay indyanera.

“Pasensya ka na, nag-alboroto ang kotse namin. Nag-jeep lang ako papunta dito at saksakan pa ng traffic,” humihingal na sabi ni Terry. “Akala ko nga, wala ka na pagdating ko. I’m sorry talaga.”

Malakas ang kalabog ng puso ni Terry. Binibiro yata siya ng langit. Hindi naman talaga siya naniniwala sa mga senyales. Malamang ma-turn-off din si Henry sa hitsura niya dahil ang kanyang buhok ay ayaw makisama. Nakasisiguro siyang amoy-pawis na rin siya.

Parang namatanda si Henry nang makita ang babae. Ibang-iba ang hitsura nito ngayon kumpara noong una silang magkita. Naka-puting short-

sleeved polo shirt at black pinstriped pants si Terry. Pero kahit hindi sexy ang damit, malakas pa rin ang dating. Biglang bumilis ang pagtibok ng kanyang puso. Hinugot niya ang isang silya. "Akala ko talaga, nakalimutan mo na ako, Therese. Pero ika nga, better late than never."

Kinilig si Terry nang sabihin nito ang kanyang pangalan. Nakalimutan niya bigla ang masakit niyang sikmura. "Terry na lang. That's what my friends call me."

"Okay, Terry, ano'ng gusto mong kainin?"

Umupo siya sa silyang alok nito, nilapag ang bag niya sa gilid at tiningnan ang menu. "Ano ba'ng mabilis kasi gutom na ako eh?"

Natawa si Henry. "Ako rin."

Nag-order sila ng appetizer, pizza, pasta at mga inumin.

Unang dinala ng waiter ang cheese sticks na kaagad nilang sinunggaban.

Lumunok si Terry at uminom ng iced tea bago nagsalita, "Buti available ka ngayon. 'Yung pamilya ko, kahapon lang puwede maglamyerda. Ngayon, may mga pasok na sila."

"Wala akong oras na kailangang sundin. I'm a civil engineer na may sariling contractual company. Matatag na rin ang negosyo at maasahan ang mga tao ko. Hindi na ako kailangang araw-araw pumasok di gaya noong nagsisimula pa lang. Ngayon, papasok na lang ako para i-double check ang istraktura o di naman kaya, mag-inspeksyon. Supplier din ako ng graba, coco lumber at semento," paliwanag niya.

Hindi makapaniwala si Terry sa kanyang narinig. She did not realize na big time ang lalaki sa kanyang harapan. Nakakabilib ang pagpapakumbaba at kasimplehan nito. Hindi rin ito ma-ere o hambog gaya ng ibang lalaking nakilala niya.

"Nakakainggit naman ang schedule mo. Ako, de numero lahat ng kilos. You must be really proud," sabi niya.

Ngumiti si Henry. "Oo naman. Pero wala ako sa kinatatayuan ko kung di dahil sa tulong ng mga magulang ko. Ang aking tatay ay isang karpintero. Sa kanya ko nakuha ang hilig sa mga building. Ang nanay ko, mananahi. Pero sa sobrang sipag nila, naging matagumpay sila sa mga pinasok na negosyo at napag-aral nila kaming anim na magkakapatid," kuwento nito.

*Hindi nga talaga siya mayabang. At mukhang*

*mahal na mahal pa ang pamilya—dagdag pogi points.* "Ang dami n'yo pala. Riot siguro kayo kapag magkakasama. Kami kasi, tatlo lang pero maingay na."

"Sinabi mo. Parang may giyera sa bahay pag kumpleto kami. 'Yung pinakabata, si Vivian, napakapilya. Matatapos na siya ng kolehiyo ngayon."

Masaya ang kuwentuhan ng dalawa. Si Terry ay nagkuwento rin tungkol sa kanyang pamilya. Para bang hindi sila nauubusan ng pag-uusapan. Tumigil lamang sila nang dumating ang pizza at pasta dahil kapwa sila gutom.

Nasa kalagitnaan siya ngayon sa pagkagat ng ikatlong slice niya ng pizza, nang mapansing nakatitig sa kanya si Henry habang may ngiti. Ibinaba niya ang pagkain, pinahiran ng tissue ang kanyang bibig at sinabing, "May dumi ba ako sa mukha?"

Natawa si Henry. "No. It's not that. Natutuwa akong makita kang kumain dahil hindi ka tulad ng ibang babae na parang ipis at palaging nagda-diet." Naisip ng binata na hindi mataba si Terry kahit malakas kumain. In fact, she certainly had the right curves in all the right places.

Malakas ang halakhak ni Terry. "Sandali lang

naman ako dito sa mundo, so ie-enjoy ko na, di ba?" aniya sabay kagat ng pizza.

"Bilib ako sa metabolism mo. Siguro, gusto kang patayin ng ibang girls, ano?"

Lumunok siya. "Problema na nila 'yon. Mamatay sila sa inggit," biro ni Terry. Hinimas niya ang kanyang tiyan. "At ako naman, mamamatay yata sa kabusugan."

Sabay silang napahalakhak.

---

"Dito tayo," turo ni Henry sa non-smoking billiards section. Katatapos lang nilang manood ng sine at dumerecho sila sa bilyaran. "Hindi ka naman siguro naninigarilyo?"

Tumango si Terry pero nagtaka siya dahil noong isang gabi lang ay may bitbit itong yosi. "Pero di ba smoker ka?"

"Hindi. Nakakasulasok ang amoy ng sigarilyo."

"Pero sa *Embassy*, meron kang—"

"Hard to believe, ano? Pero iba na rin ang mga Pilipina ngayon," putol nito at ipinaliwanag kung ano ang nangyari.

"Ano'ng ibig mong sabihin? Nakalimutan mo yatang Pinay itong nasa harap mo," pagtataka niya.

"Hey, huwag kang magalit. I'm all for women's liberation. Tama naman na may sariling career. Hindi naman talaga dapat pa-under kaninuman ang mga babae. Dapat malaya nilang ipahayag ang mga iniisip nila. Pero iba naman 'yung harap-harapang ka-taklesahan. Parang pambabastos na, hindi ba?"

Simpleng tumango siya pero deep inside, tuwang-tuwa siya sa mga narinig. Mukhang machong istambay nga si Henry, pero may pinaghalong old-fashioned at liberal values ito. Totoo naman kaya ang mga binitiwan nitong salitang hindi ito natatakot sa isang matagumpay na babae? Puno ng sorpresa itong si Henry Orlina. Habang nakikilala niya ito, mas lalo niya itong nagugustuhan.

Bumilib si Henry sa galing ni Terry sa paglalaro ng bilyar.

"Puwede ka pa lang ilaban kay Efren 'Bata' Reyes," hirit nito.

Kindat lamang ang isinagot ni Terry rito. Nilagyan niya ng chalk ang tako, hinipan ang dulo at itinuro sa puting bola, handang tumira. Sapul ang itim na eight ball na nahulog sa right corner pocket.

Panalo muli si Terry sa laban nila.

"Ano, suko ka na ba?" pilyang tanong ng dalaga. Pag kasama niya si Henry, pakiramdam niya, para siyang bata na malaya mula sa mga responsibilidad.

Itinaas ni Henry ang kanyang mga kamay. "Oo. Wala na akong laban."

"Magaling lang magturo ang papa ko. He said billiard is a mind game. Kailangang eksaminin lahat ng anggulo para malaman kung saan patatamaan ang bola para masuot ito sa butas. Noong buhay pa siya, ako ang buddy niya sa larong ito dahil *tres marias* kami't walang lalaki."

Natuwa si Henry nang makita ang pagmamahal sa mga mata ng dalaga when she spoke of her father. Dito siguro ito nagmana sa pagkaseryoso. Sana ganoon din ito kapag naiisip siya. "Kaya siguro lagi akong talo. I see it as just a game. Tara, maghapunan tayo."

"Let's go," sagot ni Terry. "Ako na'ng taya ngayon."

Hindi napigilan ni Henry na muling mapabilib sa babae. Hindi ito freeloader gaya ng iba, na umaasang ang lalaki lang ang bukod tanging sasagot sa date. Sa puntong iyon, gusto niyang buhatin si

Terry at paikutin sa tuwa. Pero nakasisiguro siyang magugulat ito kaya he settled for a pat in her shoulder. Mas lalo niya itong nagugustuhan.

---

Sa palagay nina Henry at Terry, parang matagal na silang magkakilala. Matapos ang dessert, nagyaya si Henry na gumala muli pero tumanggi si Terry.

"Kailangan ko nang umuwi," sabi ng dalaga, pero deep down, disappointed din siya na kailangan na nilang maghiwalay. "Sandali na lang ako sa Manila and my family are waiting for me."

Parang may kung anong tumurok sa puso ni Henry. Nabibilang na pala talaga ang oras nilang magkasama.

Hindi maitatanggi ni Terry na nag-enjoy siya sa company ni Henry. Akala nga niya magiging masalimuot ang kanilang date, dahil kung titingnan sila, it looked like they have nothing in common. Siya ay pormang business casual at si Henry naman ay rugged ang dating. Pero nagulat siya sa chemistry nila at hindi na namalayan ang oras. Ang kanilang lunch date ay umabot na hanggang hapunan.

Hinatid siya nito sa kanilang bahay at niyaya niya itong pumasok sa loob para magkape ngunit

tumanggi naman ito. “Mauuna na ako. Spend some quality time with your family.”

Parang may kung anong kumiliti sa puso ni Terry sa mga sinabi nito. Kung titingnan, mukhang manhid at hindi sensitibo ang lalaki sa kanyang harapan. Looks can certainly be deceiving.

“Puwede ba kitang anyayahan ulit bukas? Mag-rock climbing tayo.”

Biglang tumayo lahat ng mga balahibo sa katawan ni Terry. “Rock climbing?” alanganin niyang sagot.

“Sige na, try mo. It will be a fun experience for you. Please,” pagsusumamo nito habang taimtim na nakatitig sa kanyang mga mata.

Hindi na siya makatanggi pa dahil parang kung anong mahika ang haplos nito. “Okay,” malamya niyang tugon.

“I’ll pick you up tomorrow. After lunch na, kasi may scheduled building inspection ako sa umaga. Magsuot ka ng komportableng damit, rubber shoes at magdala ka na rin ng pamalit na damit.”

Marahan siyang tumango. Makaraos naman kaya siya, na isang lampa, nang buhay mula roon?

Bago niya mabuksan ang pinto, kaagad bumaba si Henry mula sa driver seat para maalalayan siya. Gentleman nga talaga.

Binuksan ni Terry ang gate. Hinawakan siya nito sa balikat at nagpaalam. Pagtalikod niya para kumaway, laking gulat niya nang hagkan siya nito sa pisngi.

"Salamat. I had a great time."

*Natsansingan ba niya ako?* isip ni Terry habang ikinukuskos ang kanyang palad sa parte kung saan dumapo ang halik nito. Hindi niya makuhang mainis kay Henry dahil parang nabuhayan ang kanyang buong pagkatao nang dumampi ang mga labi nito sa kanyang pisngi. Nakangiti siyang pumasok sa loob ng bahay.